

**U**pang ipakita ang katangi-tanging tunog ng bamboo musical instrument, ang Department of Science and Technology- Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) ay maghahatid ng isang virtual concert na gaganapin sa ika-24 ng Nobyembre 2020.

Tampok sa nasabing konsyerto ang iba't ibang instrumento na gawa sa kawayan at lalahukan ng anim na grupong magtatanghal mula sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Kabilang sa mga magtatanghal ay ang Indigenous group mula sa Cordillera, Dipolog Community Rondalla, "Huni Ukelele", Pangkat Kawayan Orchestra, concert organist mula sa Las Piñas Bamboo Organ, at ang Karatong Festival Street Performers.

Ayon kay Aralyn L. Quintos ng DOST-FPRDI, "We are doing this virtual concert as part of the Institute's Bamboo Musical Instruments Program."

Dagdag pa niya na layon ng proyekto na maipakita ang kakayahan ng ahensya na makapagbigay ng science-based solution sa mga gumagawa ng mga bamboo musical instrument upang mapagbuti ang mga produkto sa aspeto ng kalidad ng tunog, playability, tono, at maging ang tibay nito.

Aniya, "we are now on our second year and working to develop processing techniques that will make bamboo more durable without damaging the musical instruments' sound quality."

Plano rin ng nasabing ahensya na magkaroon ng standard sa pagproseso ng mga piling instrument. Nais din nilang magkaroon ng mga sample ng mga disenyo at pag-aralan

## Konsyerto ng mga bamboo musical instrument, ikinasa

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII



Ang Karatong Festival Street Performers na kabilang sa mga magtatanghal sa virtual concert. (Larawan mula sa DOST-FPRDI)

### Mga Nilalaman

DOST Courseware, ipinakilala sa mga guro ng CALABARZON ..... p2  
Paggawa ng bamboo-framed face shield, pinalawak..... p3  
Ayuda ng DOST sa produksyon ng seaweed sa Zamboanga del Sur .....p4

ang mga pinagkukunan ng mga raw material at ang merkado nito. Sa huli, nais nila na magkaroon ng pasilidad sa pagproseso ng bamboo musical instrument.

Samantala, nagtulong-tulong ang mga eksperto mula sa University of the Philippines-Center for Ethnomusicology at Philippine Normal University para sa proyektong ito.

Sa pagtatapos, inihayag ni Quintos na, "through the concert, we hope to raise public awareness for the country's diverse array of ethnic instruments. By doing so, we not only

help build pride for our heritage, we also help create markets for quality bamboo products."

Kabilang sa tampok na instrumento ay ang bungbaka, na nagbibigay ng haging na tunog o buzzing sound; ang mala-gitarang kollitong; plauta na tongali; koratong na mistulang isang tubo; ang mga percussion instrument gaya ng tambi; patatag; marimba; at tongatong; maging ang bandurria; ukulele; at ang organ na gawa sa kawayan. (Impormasyon mula kay Rizalina K. Araral, DOST-FPRDI)

# DOST Courseware, ipinakilala sa mga guro ng CALABARZON

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

**I**pinakilala kamakailan ng Department of Science and Technology Regional Office IV-A (DOST IV-A) ang courseware na maaaring magamit ng mahigit sa 2,500 na guro ng Science at Math sa rehiyon.

Ang webinar series ay ginanap noong kamakailan at dinaluhan ng mga guro mula sa dibisyon ng Batangas at Batangas City.

Sa nasabing webinar, itinampok ang DOST Courseware na naglalaman ng 413 aralin sa Science at Mathematics mula Grade 1 hanggang 8. Ang courseware ay alinsunod sa curriculum module ng Department of Education.


Ang courseware ay dinibelop ng DOST-Science Education Institute (DOST-SEI) at libre ito sa mga interesadong guro at indibidwal. Ito ay interactive at madaling masundan ang mga aralin. Maaari itong magamit sa pagtuturo, o kaya ay self-learning tool para sa mga guro.

Samantala, hinikayat naman ni DOST IV-A director Alexander R. Madrigal ang mga guro na isama ang DOST Courseware sa kanilang pagtuturo sapagkat ito ay epektibong instrumento upang matuto ang

mga estudyante.

At dahil hindi pinapayagan ang face-to-face na klase, Malaki ang maitutulong ng nasabing courseware upang patuloy na matuto ang mga mag-aaral sa loob ng kanilang tahanan.


Ang webinar ay naisagawa rin sa iba pang lungsod at bayan sa CALABARZON gaya ng Cavite, Laguna, Rizal, at Quezon. Noong Abril



26 hanggang Hunyo 21 ay mayroong 3,121 na guro mula sa lungsod ng Biñan, Calamba at Lipa ang lumahok sa webinar na inorganisa ng DOST.

Umaasa ang pamunuan ng DOST IV-A at DOST-SEI na sa pamamagitan ng webinar ay madaragdagan ang mga nais gumamit ng DOST Courseware upang ito ay maisama sa blended learning setup ng mga pribado at pampublikong paaralan.

Para sa mga interesado, ang DOST Courseware ay mayroong app version na maaaring idownload sa Google Play para sa Android at Apple store para naman sa IOS. Mayroon ding MS Windows version na maaari namang maidownload sa <http://www.sei.dost.gov.ph/>. (Impormasyon mula kay Rochelle L. Cruz, DOST Region IV-A)



Ang ilang guro na lumahok sa DOST Courseware webinar na inorganisa ng DOST-IV-A at DOST-SEI.

# Paggawa ng bamboo-framed face shield, pinalawak

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

**M**aspinalawak na ang paggawa ng bamboo-framed face shield sapagkat isa pang kumpanya ang nag-umpisa nang magmass-produce ng nasabing face shield na dinibelop ng Department of Science and Technology- Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) upang ito ay maging available sa publiko.

Hango sa disenyo at detalye ng DOST-FPRDI, ang Bataan-based na QGN

Plant Nursery and Garden (QGM-PNG) ay nagsimula nang gumawa at ibenta sa merkado ang nasabing face shield. Upang ito ay masakatuparan, ang ahensya na may tanggapan sa Los Baños, Laguna ay nagbigay ng tulong sa paggamit ng steam-bending technology o ang proseso ng pagbaluktot ng mga piraso ng kawayan gamit ang init na ayon sa hugis at porma. Maliban dito, ang DOST-FPRDI ay patuloy na sinusuportahan ang kumpanya upang mapaganda ang produkto sa

pamamagitan ng mga tulong teknikal.

Samantala, ang QGM-PNG naman ay patuloy ang pag-aalok ng bamboo-framed face shield. Ayon sa kanilang Facebook post, ang nasabing produkto ay ibinebenta bilang buy-5-donate-1 na kung saan sa bawat limang bamboo-framed face shield ang mabebenta, ang isang piraso ay mapupunta sa isang frontliner.

Ani Grecelda A. Eusebio, hepe ng Technology Licensing and Promotion Section ng DOST-FPRDI, "We are happy that more organizations are getting interested in our technology as this means more people can have access to the bamboo-framed face shield. The QGM-PNG is currently entertaining an interested buyer from the United Kingdom."

Ang QGM-PNG ay ikalawang kumpanya na nagkainteres na i-mass-produce ang face shield. Una dito ay ang lokal na pamahalaan ng Cabuyao, Laguna.

Para sa mga interesado sa mga teknolohiya ng DOST-FPRDI, maaari lamang na makipag-ugnayan kay director Romulo T. Aggangan ng DOST-FPRDI sa [info@fprdi.dost.gov.ph](mailto:info@fprdi.dost.gov.ph) o [fprdi@dost.gov.ph](mailto:fprdi@dost.gov.ph). (Impormasyon mula kay

**BAMBOO-FRAMED FACE SHIELD** ACCREDITED AND APPROVED BY DOST-FPRDI

**DONATE AS YOU PURCHASE!**  
BE A HERO IN YOUR OWN LITTLE WAY  
FOR EVERY FIVE (5) PURCHASE OF BFFS, WE WILL BE DONATING ONE (1) BFFS TO A FRONTLINER ON YOUR BEHALF. WE HIGHLY ENCOURAGE YOU TO PLEASE PROVIDE THEM A SHORT MESSAGE ALONG WITH YOUR NAME.

**LOCALLY-MADE**

**LIGHTWEIGHT**

**REPLACABLE PVC SHEET**  
COMES WITH A FREE PVC SHEET!

**NON-SLIP ADJUSTABLE STRAP**  
SECURED WITH VELCRO TAPE

**REUSABLE BAMBOO FRAME**  
INNOVATIVE DESIGN BY DOST-FPRDI

For more information kindly send us a private message on our Facebook page:  
QGM Plant Nursery and Garden

#BambooFramedFaceShield  
#BFFSSupportLocal  
#QGM PNAGxDOSTFPRDI

Photo courtesy: QGM Plant Nursery and Garden

**RODOLFO P. DE GUZMAN**  
Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist

**ROSEMARIE C. SEÑORA**  
Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

# Ayuda ng DOST sa produksyon ng seaweed sa Zamboanga del Sur

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

**U**pang maingat ang produksyon ng seaweed sa Zamboanga del Sur, ang Department of Science and Technology (DOST) ay naghatid ng kinakailangang tulong sa pamamagitan ng proyekto para sa dalawang samahan ng mga nag-aani ng halamang dagat.

Sa nasabing proyekto, makikinabang ang nasa 150 na lokal na seaweed grower sa munisipalidad ng Dumalinao at Pagadian City, Zamboanga del Sur. Ang tulong na nagkakahalaga ng Php700,000 ay gagamitin sa pagbili ng floating type seaweed dryer na inaasahang magdudulot ng karagdagang ani ng seaweed (*Kappaphycus alvarezii* [cottonii] type). Ang seaweed ay kilala rin sa tawag na guso o agar-agar.

Tinanggap ng mga kinatawan ng Bomba at Baroy Seaweeds Farmer Association ang tulong na ipinaabot ng DOST Regional Office IX sa Provincial Science and Technology Center.

Katuwang ng DOST sa nasabing proyekto ang University of the Philippines- Los Baños-Center of Agri-Fisheries and Biosystems Mechanization (UPLB- BIOMECH). Ang nasabing seaweed dryer ay naaayon sa iba't ibang kondisyon ng mga seaweed culture sa bansa.


Gamit ang teknolohiya, sinisiguro nitong maganda ang kalidad ng mga pinatutuyong seaweed sapagkat ito ay maykakahayang pangalagaan ang mga seaweed sa biglaang pagbabago ng panahon na naka-aapekto sa anyo ng seaweed di tulad ng mga pangkaraniwang pamamaraan ng pagpapatuyo.

Layon ng DOST na mapaghusay ang mga komunidad sa ilalim ng mga programa nito gamit ang agham at teknolohiya na makapagbibigay ng karagdagang halaga sa mga lokal na produkto at serbisyo ng mga nasa lalawigan.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa DOST Regional Office IX sa [dost9info@gmail.com](mailto:dost9info@gmail.com) o magtungo sa Facebook page na [www.facebook.com/DOSTRegion9](https://www.facebook.com/DOSTRegion9). (Impormasyon mula kay Nori Vincent C. Aposagas, DOST RO IX)



Ibinahagi ng DOST ang tulong sa dalawang samahan ng mga seaweed farmer sa lalawigan ng Zamboanga del Sur. Kasama sa larawan sina Provincial Governor Victor J. Yu at mga kinatawan ng Bomba at Baroy Seaweeds Farmers Association. (Larawan mula sa DOST-IX)



Ang permanent-type seaweed drying system. (Larawan mula sa Marine Resources Research Division, Philippine Council for Agriculture and Aquatic Resources Research and Development)



Ang floating-type seaweed drying system na mayroong nakakabit na drum floatation device. (Larawan mula sa Marine Resources Research Division, Philippine Council for Agriculture and Aquatic Resources Research and Development)